

DHH Video Script

[00:00:00] Sa Early Start, nagbibigay kami ng mga serbisyo ng maagang interbensyon para sa mga bata mula sa kapanganakan hanggang edad na tatlong taon. Ang mga serbisyo ng Early Start ay magagamit ng mga batang bingi at mahina ang pandinig at kanilang mga pamilya na may mga serbisyong iniayon sa mga pangangailangan sa pag-unlad at mga pangangailangan sa pagkuha ng wika ng iyong anak. Sa California, ang iyong sanggol ay makakatanggap ng pagsusuri sa pandinig.

[00:00:29] Kung ang pagsusuri sa pandinig ng iyong sanggol ay hindi tiyak, irefer ka sa isang audiologist para sa isang auditory brainstem response test o ABR. Kung matutukoy ng audiologist na ang iyong anak ay bingi o mahina ang pandinig, irefer ka nila sa LEAD-K Family Services, o isang lokal na programa ng Early Start. Ang mga programang ito ay makakatulong upang suportahan ka at ang iyong pamilya.

[00:00:59] Ang mga serbisyo ng Early Start ay ibinibigay sa pamamagitan ng mga sentrong pangrehiyon o mga lokal na distrito ng paaralan. Ang mga batang bingi o mahina ang pandinig na may karagdagang pagkaantala sa pag-unlad o kapansanan, at ang kanilang mga pamilya, ay maaaring pagsilbihan ng parehong sentrong pangrehiyon at mga lokal na distrito ng paaralan. Ang sentrong pangrehiyon at mga lokal na paaralan ay makikipagtulungan sa iyong pamilya upang bumuo ng isang indibidwal na plano sa serbisyo ng pamilya o IFSP batay sa mga layunin na mayroon ka para sa iyong anak.

[00:01:33] Ang IFSP team ay isasama ang iyong pamilya, isang tagapangasiwa ng serbisyo, at maaaring magsama ng isang Early Start na guro. Ang LEAD-K Family Services ay maaari ding magbigay ng isang tagapagturo sa bingi at tagapagturo ng pamilya para sumali sa iyong IFSP team. Tutulungan ka ng pangkat na ito na bumuo ng mga layunin para sa iyong anak at tukuyin ang mga serbisyo at kagamitan na makakatulong sa iyong makamit ang mga layuning iyon.

[00:02:02] Alam namin na gusto ng mga pamilya ang pinakamahusay para sa kanilang mga anak. Ang Early Start at ang iyong IFSP team ay naroroon para sa iyo at sa iyong anak upang matiyak na ang iyong anak ay umuunlad.